# Micro-entrepreneur mula sa QC, tampok sa Kabuhayan Trade Fair

Tampok sa Kabuhayan National Livelihood Trade Fair ang mga likha ng mga babaeng micro-entreprenuer na nagmula sa pinakamahirap na barangay sa Quezon City na nagsimula noong November 8 at magtatapos ngayong Linggo.

Ang mga micro-entrepreneurs ay kalahok sa programang LIPAD Pinay na pinangungunahan ni QC Vice Mayor Joy Belmonte, SPARK Philippines, at SEAOIL Foundation.

Itinanghal ng mga negosyante ang kanilang mga likhang parol, bag, dekorasyong pambahay, at pagkain sa LIPAD Pinay booth sa nasabing trade fair.

"We have always been supportive of the ventures of the women from our city. These micro-businesses are their way of earning extra income, expressing their talent and creativity, and empowering themselves," sabi ni Belmonte.

Mula nang ilunsad ang programa noong 2016, naging layunin ng LIPAD Pinay ang pagsusulong ng pagkakapantay-pantay sa mga kababaihan at kalalakihan sa QC sa pamamaraan ng pagnenegosyo ng mga babae. Umabot na ang programa sa mga barangay ng Batasan Hills, Central, Culiat, Greater Lagro, Quirino 3-A, Sta. Lucia, Sto. Cristo at UP Campus.

Dahil sa tagumpay ng programa, pinaplano na ni Belmonte na ito'y palakahin pa.

"From investing in our micro-entrepreneurs, we are also now teaching women how to sell online through e-commerce and how to make their products world-class," sabi pa ni Belmonte.

Ang Kabuhayan National Livelihood Trade Fair, na itinanghal sa Megatrade Hall ng SM Megamall sa Mandaluyong City, ay proyekto ng Congressional Spouses Foundation Inc. (CSFI) Kasama rito ang 100 negosyo na lumilikha ng mga kakaibang produkto mula sa iba't-ibang dako ng bansa na kadalasa'y gawa sa mga lokal na materyales. *(Angie dela Cruz)*